CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Enero 29, 2021
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach ay Naghahanda upang Ipamahagi ang Pangalawang Dosis ng Bakuna

Long Beach, CA - Simula sa linggo ng Pebrero 1, magsisimula ang Kagawarang ng Kalusugan at Serbisyong Pantao (Kagawaran ng Kalusugan) ay magsisimulang maipamahagi ang pangalawang dosis ng COVID-19 bakuna sa mga taong nakatanggap ng kanilang unang dosis sa Enero.

“Ipinagmamalaki ng Long Beach na ligtas na maipamahagi ang maraming mga bakuna sa mga karapat-dapat na mga indibidwal hangga’t maaari,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Habang sumusulong kami dapat din naming unahin ang pangalawang dosis, na susundan ng patuloy na pagbabakuna para sa mga tao alinsunod sa mga alituntunin ng CDC at Estado.”

Habang inuuna ng Lungsod ang pangalawang dosis sa buong Pebrero, ang mga residente ng Long Beach na 65 pataas, ang mga tauhan sa serbisyong pang emerhensiya at mga manggagawa sa tagapangalaga ng kalusugan sa Phase 1A ay patuloy na kokontakin sa pamamagitan ng VaxLB sa sandaling magkaroon ng bakuna upang makatanggap ng kanilang unang pagbabakuna sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa MemorialCare at marami pang ibang provider sa buong lungsod. Ang mga manggagawa sa groseri ay maaaring maabisuhan ng kanilang mga tagapag-empleyo upang mabakunahan sa pamamagitan ng mga botika sa tindahan ng groseri. Kokontakin ang mga manggagawa sa sektor ng edukasyon sa pamamagitan ng kanilang tagapag-empleyo kapag nagkaroon na ng mga appointment sa pagbabakuna sa pamamagitan ng Kagawaran ng Kalusugan, batay sa suplay. Ang ilang bakuna ay inilaan nang direkta sa mga healthcare provider, at hinihikayat ang lahat na makipag-ugnay sa kanilang healthcare provider para sa pagkakaroon ng bakuna.

Ang bakuna sa COVID-19 ay ibinibigay sa dalawang dosis. Makikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Kalusugan sa mga taong tumanggap ng pagbabakuna mula sa Kagawaran ng Kalusugan sa buong Pebrero, sa pamamagitan ng email address o numero ng telepono na ibinigay noong ginawa ang unang appointmen, upang mag-iskedyul ng isang appointment para sa kanilang pangalawang dosis. Hinihikayat ang lahat na kumuha ng kanilang pangalawang bakuna sa sandaling maabisuhan sila tungkol sa pagkakaroon nito. Hindi kinakailangang kumontak sa Kagawaran ng Kalusugan upang magtanong tungkol sa katayuan ng kanilang pangalawang bakuna. Habang inirerekumenda para sa pangalawang dosis na makuha sa loob ng 21- hanggang 28- araw na panahon depende sa tagagawa, ipinahihiwatig ng patnubay na ibinigay ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang pagiging epektibo ng bakuna ay hindi mababawasan kung ang pangalawang dosis ay natanggap sa loob ng anim na linggo ng unang dosis, o hanggang 42 araw. Ang mga appointment sa klinika sa Pebrero ay itatalaga muna sa paglalaan sa pangalawang dosis. Ang bilang ng bakuna na natatanggap ng Lungsod ay nag-iiba bawat linggo, at hinihikayat ang mga tao na kunin ang kanilang pangalawang bakuna sa sandaling sila ay maabisuhan ng pagkakaroon nito. Pinaprayoridad ng Lungsod ang mga pangalawang dosis at humihiling ng bakuna mula sa Estado upang makumpleto ang lahat ng pangalawang dosis.

“Kami ay nakatuon sa pagtiyak na ang bawat isa na nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa Long Beach at nais ng bakuna ay ay maaaring makatanggap ng pagbabakuna sa sandaling sila ay maging karapat-dapat at nang magkaroon ng karagdagang bakuna,” sabi ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod na si Dra. Anissa Davis. “Kami ay may ganap na kakayahan na gawin ito, ito ay batay lamang sa kasalukuyang suplay sa oras na ito.”

Ang lahat ng mga residente ng Long Beach ay hinihikayat na bisitahin ang VaxLB, ang bagong online portal sa pagbabakuna ng Lungsod. Ginagawa ng portal ng VaxLB ang proseso ng pag-alam tungkol sa at pag-iskedyul ng mga bakuna sa COVID-19 na mas madali at mas malinaw. Sa pamamagitan ng pagbisita sa longbeach.gov/vaxLB, ang mga tao ay maaaring mag-signup upang maabisuhan kapag oras na nilang makuha ang bakuna ng COVID-19. Ang site at form ng pag-signup ay makikita sa Ingles, Espanyol, Tagalog, at Khmer.

Pinapaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na magpatuloy sa pagsasanay ng lahat ng mga protokol sa kalusugan at kaligtasan, kasama ang pagsuot ng panakip ng

mukha at pagpapanatili ng tamang pisikal na pagdistansya mula sa iba, kahit nakatanggap na sila ng mga bakuna sa COVID-19.

Ang mga indibidwal na may karagdagang katanungan ay maaaring tumawag sa 562.570.INFO (4636), opsyon 6, o mag-email sa COVID19Vaccine@longbeach.gov. Mangyaring huwag tumawag kung nagtatanong tungkol sa kung paano magpa-iskedyul para sa pangalawang dosis.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###